



Patnubay ng konsyumer - mga rehistradong ahente ng migrasyon (registered migration agents)

Labag sa batas para kaninuman na magbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya kung hindi sila rehistradong ahente ng migrasyon, legal na praktisyoner (legal practitioner) sa Australya o isang tao na saklaw ng iksemsyon. Ang sinumang nagbibigay ng labag sa batas na tulong sa imigrasyon sa Australya ay dapat isumbong sa pamamagitan ng [Border Watch Online Report](#) sa website ng Department of Home Affairs. Mahalagang malaman na sinumang tumutulong sa iyong imigrasyon ay hindi maaaring maggarantiya sa iyo ng visa.

Mga Rehistradong Ahente ng Migrasyon

Ang mga rehistradong ahente ng migrasyon ay dapat tumugon sa mga pamantayan ng propesyon, sumunod sa Code of Conduct at umagapay sa pinakabagong kaalaman tungkol sa batas at pamamaraan ng migrasyon.

Lahat ng mga rehistradong ahente ng migrasyon ay may natatanging Migration Agents Registration Number (MARN). Maaari mong alamin kung ang isang tao ay nakarehistro sa website ng OMARA www.mara.gov.au

Ang **Office of the Migration Agents Registration Authority (OMARA)** ay bahagi ng Department of Home Affairs at isang lupon na nangangasiwa sa mga rehistradong ahente ng migrasyon sa Australya. Ang OMARA ay:

- nagtatasa at nagpapasya sa mga aplikasyon para sa pagpaparehistro bilang isang ahente ng migrasyon sa Australya
- sumusubaybay sa pag-uugali ng mga rehistradong ahente ng migrasyon, nag-iimbestiga sa mga reklamo at nagsasagawa ng pagdidisiplina kung kinakailangan.

Hindi ka matutulongan ng OMARA sa visa o aplikasyon sa pag-isponsor o mag-utos sa isang rehistradong ahente ng migrasyon na ibalik sa iyo ang mga naibayad mo.

Kodigo ng Pag-uugali (Code of Conduct)

Ang Code of Conduct para sa mga rehistradong ahente ng migrasyon ay nag-uutos sa mga rehistradong ahente ng migrasyon na:

- maging matapat tungkol sa iyong tsansa na makakuha ng visa
- magbigay ng tamang payo at ipaalam sa iyo ang pag-usad ng iyong aplikasyon at anumang mga pagbabago na maaaring makaapekto rito

- kumilos nang ayon sa batas, ayon sa iyong mga interes at protektahan ang iyong pagkapribado
- sabihin sa iyo kung mayroon siyang interes na salungat sa iyong mga interes at gumawa ng naaangkop na pagkilos
- bigyan ka ng isang nakasulat na pahayag bago simulan ang trabaho sa mga serbisyong ibibigay, tinatayang bayad at iba pang mga gastos
- itago ang mga pondo sa isang hiwalay na bank account kung magbabayad ka nang maaga
- bigyan ka ng invoice na naglilista ng mga tunay na serbisyong nakumpleto at ang halagang babayaran
- panatilihin ang wastong mga rekord sa pagproseso ng iyong aplikasyon.

Ang buong [Code of Conduct](#) ay makukuha sa website ng OMARA.

Mga alalahanin tungkol sa mga rehistradong ahente ng migrasyon

Kung mayroon kang problema sa iyong rehistradong ahente ng migrasyon, subukang lutasin muna ito kasama nila. Kung hindi mo malulutas ang problema sa iyong ahente, maaari kang makipag-ugnayan sa OMARA kung kailangan mo ng tulong. Maaari kang magsumite ng reklamo tungkol sa iyong rehistradong ahente ng migrasyon sa pamamagitan ng pagkumpleto ng [complaint form](#) sa website ng OMARA.

Ang paggawa ng reklamo ay hindi makakaapekto sa iyong kasalukuyang aplikasyon sa visa, o makakapagpabago ng kinalabasan ng nakaraang desisyong tanggihan o kanselahin ang visa.

Mga Legal na Praktisyoner (Abogado) sa Australya at mga Tao na Saklaw ng Iksemsyon

Ang ilang mga tao, tulad ng mga abogado sa Australya at mga tao na saklaw ng iksemsyon ay hindi kailangang magparehistro bilang ahente ng migrasyon upang makapagbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya.

Ang mga abogado sa Australya ay dapat kumilos alinsunod sa mga patakaran sa pag-uugali ng propesyonal sa kanilang nauugnay na awtoridad sa batas. Kung nais mong magsumite ng isang reklamo tungkol sa isang abogado, basahin ang 'Consumer guide – legal practitioners', na makukuha sa website ng [Department of Home Affairs website](#).

Kabilang sa mga tao na saklaw ng iksemsyon ang malalapit na kapamilya at mga sponsor. Ang buong listahan ng mga tao na saklaw ng iksemsyon ay matatagpuan sa [Form 956 – Appointment of a registered migration agent, legal practitioner or exempt person](#). Ang mga tao na saklaw ng iksemsyon ay hindi maaaring humingi ng bayad para sa pagbibigay ng tulong sa imigrasyon.

Pagtatapos ng pakikipagkita

Kung nais mong tapusin ang pakikipagkita, kumpletuhin ang [Form 956](#).

Serbisyo sa Pagsasalinwika at Pag-iinterprete

Makipag-usap sa isang interpreter sa pamamagitan ng Serbisyo sa Pagsasalinwika at Pag-iinterprete (TIS National)

www.tisnational.gov.au ☎ 131 450

Hulyo 2021